

Gall:—Because she always cackles when she lays for me.

**SUCH LANGUAGE!**

He:—What did your father say when you told him we were engaged?"

She:—"Oh, dear, you must not ask me to repeat such language."

—:—

**FAVORITE HYMN.**

Papa:—What is your favorite hymn, Clara, my darling?"

Clara:—"The one you chased over the fence last night, dear Pa!"

—:—

**IN A COURT.**

Judge:—"Under what pretext did your husband beat you?"

Plaintiff:—"Your Honor, please, it was no pretext; it was a club!"

**DALIT NANG ISANG ULILA**

*(Kay Ensang sa Lanġit)*

Kung gunitain ko araw na pumanaw sa piling nġ aking mutyang minamahál; kung isip-isipin panahong nagdaang walang inilabí kundí kalungkutan.

Ako'y naiinip at hindí mákali, ako'y naiinis, ilás na parati sa akin ang búhay at nananatili sa lagay na itong lubhang aping-api.

Ang búhay sa akin ay panġarap lamang at ang mabúhay pa'y sadyang kasalanan; sa aki'y wala nang uuna sa lumbay at wala rin namang mapayapang búhay.

Masasabi mo ring may isa pang lanġit na sa amin dito ay napasihilip; oo, mayroon nġa, di ko iniaalis, nġuní lanġit namang balót nġ hinagpis.

Sa bawa't silahis nġ lanġit na iyan, mula sa pagnġití nġ sikat nġ Araw hangang sa paglubog... tanging naiwan ang gunitang ako ay iyong minahal.

Ako'y minahal mo, dí ko linilimot, ako'y minahal mo nġ kalugod-lugod; dapwa't... nġayo'y sino, sinong aking Irog ang sa pag-uwí ko ay mapapanood?

¿Sino ang sa akin nġayo'y sasalubong, sino pang aaliw, kung nasa lingatong?

¿at sino pa rin nġa ang makikitugón sa pusong iniyo sa munting panahon?

¿Sino ang tuwí na ay aalaala

saan man paroon ako at humanga?

¿sinong aasahan at mahihintay pa na tanġi sa iyo ay wala nang iba?

¿Sino ang bubulóng at bubulungġán ko nġ libim nġ pusò, nġ diwà nġ táo?

¿sinong yayakapin, hahagkán sa noo, na tinutugumán nġ nġa labí mo?

¿Sino pa ang aking tatawagtawagin at kung nagtatampo'y aamuamuín, at kung namamanglaw'y aaliwaliwi't tatanġis-tanġisan nġ aking panindim?

¿Nasaan pa nġayón ang aking ligaya, ang paraluman ko't susi nġ pagsinta?

¿sino ang magiging alalay tuwi na nġ palad kong abá sa láot nġ dusa?

Walang wala na nġa ang lahat nġ itó, tapós na ang sayá, layaw ko't hinampó; wala na ang Liyag, pumanaw, yumao't pati pa nġ bunso'y sa libing umalo.

At nġayo'y ano pa, di ko máhagilap ang lunas na gamot nġ dukhá kong palad; di ibig mábanggit, ni nasang mahagap at kasawian ko, ianong pagkásaklap!..

Sa lahat nġ dusa'y walang kasinghapdi itong sa buhay kong tipon nġ pighati, sa sandaling tuwa'y agad pagkasawi't suson-susong hirap ang nagiging sukli.

Aunhin ang búhay kung walang pag-asa, aunhin ang boong magagawa ko pa sa aking panahon, sa nġayo'y wala na akong hahanduga't bibigyang abala.

¿Sino ang tutungháy sa tulá ko't awit na pinamimitás sa pananaginip, sinong magbibigay nġ timyás at lamig sa tinig nġ aking kudyaping may hapis?

Sa bawa't talata nġ kanyang pangkatin, sa bawa't salitang may pag-irog pa rin, ang dalit nġ isang Ulila nġ Libing siyang sasaliw nang makikilungkot din.

Yaong dating tudling na puspos nġ tuwá, nġ aliw nġ pusò't masayang talatá, nġayo'y nagbago na, ibang ibang lubhá't kinabábakasan nġ agos nġ luhá.

Kaya't buhat diyan sa payapang bayan, Ens... ko'y tunghan mo rin ang abang naiwan, akong lumulungoy, akong nahahambal, at akong walá nang Ens...magpakaylan man.

Tanġos, Nabutas, Rizal.

A. LEUGIM.

**“LA PERLA”**

FABRICA DE BIZCOCHOS Y DULCES

DE J. E. MONROY

Premia a en las Exposiciones de Hanoi de 1902 y S. Luis, E. U. A. de 1904

PLAZA DE STA. CRUZ, 96-98, MANILA.